



Ang Kaagad na Pagtugon sa Tawag ng Diyos na Magsisi

Tayo ay nasa Ikatlong Linggo ng Banal na Panahon ng Kuwaresma. Tunay na maawain ang Diyos. Ang habag ng Panginoon ay ipinamamalas Niya lalo na sa mga makasalan.

Hindi Niya kaagad pinupuksa ang mga nagkakasala sa Kaniya. Binibigyan Niya sila ng lahat ng pagkakataon upang magsisi. Hindi natin dapat ipagpaliban ang ating pagbabagong-buhay. Ang tawag ng Diyos sa pagsisisi ay dapat nating dinggin agad.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Tangi kong inaasahan ang Diyos na kaligtasan. Paa ko'y pinakawalan sa bitag na nakaumang pagkat ako'y kanyang mahal.

Pagbati

P—Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristong mahabagin, ang pag-ibig ng Diyos Amang tumatawag sa ating magsisi, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santong nagpapabanal ay sumainyong lahat!
B—At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P—Madalas nating ipinagpapaliban ang ating pagsisisi at pagbabagong-buhay. Pagsisihan natin ang ating mabagal na pagtugon sa tawag ng Diyos. (Manahimik

sandali.)

P—Para sa aming mabagal na pagtugon sa iyong paanyayang magsisi, Panginoon, kaawaan mo kami!

B—Panginoon, kaawaan mo kami!

P—Para sa aming pag-aalinlangang magbagong-buhay, Kristo, kaawaan mo kami!

B—Kristo, kaawaan mo kami!

P—Para sa aming pagpapatang ng masama sa aming mga kapwa, Panginoon, kaawaan mo kami!

B—Panginoon, kaawaan mo kami!

P—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at dalhin tayo sa buhay na walang hanggan.

B—Amen!

Panalanging Pambungad

P—Ama naming makapangyarihan, ikaw ay maibigin at butihin sa tanan. Itinuturo mo na ang lunas sa kasalanan ay nasa kusang pagpapakasakit, pagdalangin at pagmamalasakit. Tunghayan mo

ang aming pag-amin sa nagawang pagsuway upang sa pagpapatirapa ng aming budhi sa iyong harap kami'y lagi mong maibangon dahil sa iyong pag-ibig na tapat sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpawalang hanggan.

B—Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa *Exo 3:1-8. 13-15*

Ang buhay ni Moises, ayon sa panayam ni San Esteban sa Aklat ng mga Gawa ng mga Apostol, ay mahahati sa tatlong yugtong tig-aapatnapung taon. Ang pagtawag sa kaniya sa Bundok ng Horeb, o tinatawag ding Bundok ng Sinai, ay ang simula ng ikatlo at huling yugto. Dito ay nilililaw ng Diyos ang nais Niyang ipagawa kay Moises na dapat niya kaagad tupdin.

L—Pagpapahayag mula sa Aklat ng Exodo

Noong mga araw na iyon, si Moises ang nag-aalaga sa kawan ng biyenan niyang si Jetro. Minsan, itinaboy niya ang kawan pabagtas ng disyerto at nakarating siya sa Horeb, sa Bundok ng Diyos.

Doon, ang anghel ng Panginoon ay napakita sa kanya, parang ningas sa gitna ng isang mababang punongkahoy. Kitang-kita ni Moises na nagliliyab ito ngunit hindi nasusunog. Kaya't nasabi niya sa kanyang sarili, "Kataka-taka ito! Tingnan ko ngang mabuti kung bakit di nasusunog gayong nagliliyab." Nang lalapit na si Moises, tinawag siya ng Panginoon buhat sa nagliliyab na punongkahoy, "Moises, Moises." "Ano po iyon?" sagot niya. Sinabi ng Diyos, "Huwag kang lumapit. Hubarin mo ang iyong sandalyas sapagkat banal na dako ang kinatatayuan mo. Ako ang Diyos ng iyong mga magulang – nina Abraham, Isaac at Jacob." Tinakpan ni Moises ang kanyang mukha pagkat natatakot siyang tumingin sa Diyos. Sinabi sa kanya ng Panginoon, "Nakita kong labis na pinahihirapan ng mga Egipcio ang aking bayan. Alam ko ang hirap nilang tinitiiis at narinig ko ang kanilang daing. Kaya, bumaba ako upang sila'y iligtas, ialis sa Egipto at itatid sa lupaing mayaman, malawak at sagana sa lahat ng bagay."

Sinabi ni Moises, "Pupunta ako sa mga Israelita at sasabihin sa kanilang ako'y sinugo ng Diyos ng aming ninuno. Ngunit ano po ang sasabihin ko kung itanong nila kung sino ang nagsugo sa akin?" Sinabi ng Diyos, "Ako'y si Ako Nga. Sabihin mong sinugo ka ni Ako Nga, ng Panginoon, ng Diyos ng inyong mga ninuno, ng Diyos nina Abraham, Isaac at Jacob. At ito ang pangalang itatawag nila sa akin magpakailanman. Ito rin ang pag-alala sa akin ng lahat ng salinlahi."

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 102

B – Ang ating mahabaging Diyos ay nagmamagandang-loob!

R. M. Velez



Ang a---ting ma-ha--baging D'yos



ay nagmamagandang lo---ob!

* Panginoon'y papurihan, purihin mo, kaluluwa, ang pangalan niyang banal, purihin mo sa tuwina. Ikaw, aking kaluluwa, ang Diyos ay papurihan, at huwag mong lilimutin yaong kanyang kabutihin. B.

* Ang lahat kong kasalana'y siya ang nagpapatawad, at anumang aking sakit, ginagamot niyang lahat. Sa bingit ng kamatayan ako ay iniligtas, at pinagpapala ako sa pag-ibig niya't habag. B.

* Panginoon'y humahatol, ang gawad ay katarungan; natatamo ng inapi ang kanilang karapatan. Ang balangkas niya't utos kay Moises ibinilin; ang kahanga-hangang gawa'y nasaksihan ng Israel. B.

* Kay ganda ng kalooban, mahabagin itong Diyos, kung magalit ay banayad, kung umibig nama'y lubos. Ang agwat ng lupa't langit, sukatin ma'y hindi kaya, gayon ang pag-ibig ng Diyos, sa may takot sa kanya. B.

Ikalawang Pagbasa 1 Cor 10: 1-6.10-12

Ang ating sipi mula sa Unang Sulat sa mga taga-Corinto ay isang babala sa mga nag-aatubiling tupdin ang nais ng Diyos na magbagong-buhay. Ang tingin ni San Pablo sa mga ito ay mga taong walang utang na loob. Sa dami ng biyayang ibinuhos sa kanila ng Panginoon ay ayaw pa rin nilang magsisi sa kanilang mga kasalanan.

L – Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

Mga kapatid: Ibig kong malaman ninyo ang nangyari sa ating mga ninuno na sumunod kay Moises. Silang lahat ay naliliman ng ulap sa kanilang paglalakbay, at tumawid sa Dagat na Pula. Sa gayon, nabinyagan silang lahat sa ulap at sa dagat bilang tagasunod ni Moises. Kumain silang lahat ng iisang pagkaing espirituwal at uminom din ng iisang inuming espirituwal, mula sa Batong espirituwal, na sumubaybay sa kanila, at ang Batong iyon ay si Kristo.

Gayunman, hindi kinalugdan ng Diyos ang marami sa kanila, kaya't nagkalat sa ilang ang kanilang mga buto.

Ang mga nangyaring ito'y bala sa atin upang huwag tayong magnasa ng mga masasamang bagay, gaya ng ginawa nila. Huwag din tayong magreklamo, tulad ng

ilan sa kanila, kaya't nilipol sila ng Anghel na Mamumuksa. Nangyari ito sa kanila bilang babala sa iba, at nasulat upang turuan tayong mga inabot ng huling panahon.

Kaya nga, mag-ingat ang sinumang nag-aakalang siya'y nakatayo, baka siya mabuwal.

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Awit-pambungad sa Mabuting Balita Mt 4:17

B – (Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!)

Sinabi ng Poong mahal: "Kasalanan ay talikdan, pagsuway ay pagsisihan; maghahari nang lubusan ang Poong D'yos na Maykapal." (Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!)

Mabuting Balita Lu 13:1-9

Maraming mga tao ang nagpaparatang ng masama sa mga taong nasasangkot sa kapahamakan. Ang tingin nila ay parusa ito ng Diyos para sa kanilang pagkakasala. Ngunit ang mga kapahamakang ito ay maaaring babala sa ibang higit na malaki ang kasalanan upang sila ay magsisi at magbagong-buhay.

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

B – Papuri sa iyo, Panginoon!

Dumating noon ang ilang tao at ibinalita kay Hesus na ipinapatay ni Pilato ang ilang Galileo samantalang ang mga ito'y naghahandog sa Diyos. Sinabi niya sa kanila, "Akala ba ninyo, higit na makasalanan ang mga Galileong ito kaysa ibang mga taga-Galilea dahil sa gayon ang sinapit nila? Hindi! Ngunit sinasabi ko sa inyo: kapag hindi ninyo pinagsisihan at tinalikdan ang inyong mga kasalanan, mapapahamak din kayong lahat. At ang labingwalong namatay nang mabagsakan ng tore sa Siloe – sa akala ba ninyo'y higit silang makasalanan kaysa ibang naninirahan sa Jerusalem? Hindi! Ngunit sinasabi ko sa inyo: kapag hindi ninyo pinagsisihan at tinalikdan ang inyong mga kasalanan, mapapahamak din kayong lahat."

Sinabi sa kanila ni Hesus ang talinghagang ito: "May isang tao na may puno ng igos sa kanyang ubasan. Minsan, tiningnan niya kung may bunga ito, ngunit wala siyang nakita. Kaya't sinabi niya

sa tagapag-alaga ng ubasan, 'Tatlong taon na akong pumaparito at naghahanap ng bunga sa punong ito, ngunit wala akong makita. Putulin mo na! Nakasisikip lang iyan!' Ngunit sumagot ang tagapag-alaga, 'Huwag po muna nating putulin sa taong ito. Huhukayan ko ang palibot at lalagyan ng pataba. Kung mamunga po ito sa darating na taon, mabuti; ngunit kung hindi, putulin na natin!'"

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P—Hingin natin sa Diyos ang linaw ng isip upang malaman ang ating mga pagkakasala at ang lakas ng loob na magbagong-buhay. Ang ating sasambitin ay:

B—Amang maawain, dinggin Mo ang aming panalangin!

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang mahimok nila ang lahat na magbagong-buhay sa pamamagitan na rin ng kanilang pagsisisi sa kanilang

mga kasalanan, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa lahat ng mga kabataan ng ating bayan, upang sa taong ito ng mga kabataan ay maharap nila ang kanilang mga pagkakamali at tunay na mabago ang kanilang mga buhay, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang maiayos nila ang ating lipunan sa pamamagitan ng kanilang pagsisisi sa mga katiwalian sa pamahalaan, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa mga taong nababaon sa pagkakasala at masasamang hilig, upang mabigyan sila ng lakas ng loob na magsisi at makapagbago, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa pagdiriwang na ito, upang mabasa natin sa mga kapahamakang nagaganap sa ating paligid ang tawag ng Diyos sa tunay na pagbabagong-buhay, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. (*Tumigil sandali.*)

Manalangin tayo! **B.**

P—Ama naming puno ng awa at habag, ibuhos Mo sa amin ang handog ng Iyong Banal na Espiritu upang kami ay mapuspos ng paghahangad na magsisi sa aming mga pagkakamali at tahakin ang landas ng tunay na pagbabago. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesukristong aming Panginoon.

B—Amen!



P—Manalangin kayo . . .

B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, kalugdan mo ang aming paghahain upang ang mga kasalanan na

ming ihinihingi ng kapatawaran sa iyo ay matutuhan din naming ipatawad sa kapwa tao sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!

Prepasyo sa Kuwaresma I

P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat na pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Binibigyan mo kami ng bagong pagkakataon upang ganapin ang paghahanda ngayon para sa pagdiriwang ng muling pagkabuhay. Kaisa ng iyong Anak na minamahal, aming inilalaan ang panahon, talino't yaman para ganapin ang iyong kalooban na ang kapwa tao ay lubos na damayan. Sa pagdiriwang namin sa aming pagsilang bilang mga kaanib ng iyong sambayanan, kami'y iyong pinagkakamit ng katayuang ganap sa pagtatangkilik.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B—Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B—Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.



B—Ama namin . . .

P—Hinihiling namin . . .

B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B—Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinaabang

P—Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang
(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Sa pag-inom ng sinuman sa tubig na aking bigay, di na muling mauuhaw 'pagkat ito ay bubukal sa buhay na walang hanggan.

Panalangin Pagkapakinabang

P—Ama naming mapagmahal, sa pakikinabang namin sa iyong banal na piging, pinagsalu-saluhan namin ang bigay mong pagkain. Ang ginaganap namin ngayon sa pagdiriwang ay lubos nawang mangyari sa gawain namin araw-araw sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B—Amen!

PAGWAWAKAS



P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin!

P—Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos.
(*Manahimik sandali.*)

Pasiglahin nawa kayo ng biyaya ng Panginoon upang lahat ng inyong mga isipan at gawa ay matulad sa masaganang ani ng kabanalan.

B—Amen!

P—Gawin nawa kayong mga kasangkapan ng mapagligtas na biyaya ng Panginoon sa pagtulong ninyo sa inyong kapwa para sila'y magbunga ng katapatan, kalinisan, at pagmamahal.

B—Amen!

P—Iadya Niya nawa kayo sa lahat ng masama at pagkalooban kayo ng kaloobang mapagpasalamat.

B—Amen!

P—Pagpalain kayo ng makapang-yarihang Diyos: Ama at Anak at Espiritu Santo.

B—Amen!

P—Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalín at paglingkuran ang Panginoon.

B—Salamat sa Diyos!

Munting Katesismong Pangkuwaresma sa Taon ng mga Kabataan

(P. René T. Lagaya, SDB)

ANG MGA ANTAS NG PAGSISISI AT PAGBABAGONG-BUHAY

Panimula: Ang buhay ng tao ay dumadaan sa iba't ibang proseso, yugto, at antas. Ang mga magsing-ibig ay nagsisimula sa pagiging magkakilala. Sinusundan ito ng pagiging magkaibigan. Tapos sila ay nagkakaroon na ng *special* na ugnayan. Sinusundan ito ng *exclusive dating*, yaong hindi na sila lumalabas na kasama ng iba. Pagkatapos sila ay nagkakaroon ng *mutual understanding*. Susundan na ito ng pagiging magkatipan. Ang kasunod nito ay *engagement* na. Pagkatapos ay kasalan na.

Pagpapalalim: Ang pagsisisi at pagbabagong-buhay ay mayroon ding iba't ibang antas. Subalit para maunawaan ito ay kailangang malaman muna ang apat na uri ng kamalayan ng tao, ayon sa turo ni Bernard Lonergan: (1) kamalayan ng ating kapaligiran (*empirical consciousness*); (2) kamalayan tungkol sa dahilan ng mga bagay sa ating kapaligiran (*intellectual consciousness*); (3) kamalayan ng mga maaari nating pagpilian (*rational consciousness*); (4) kamalayan sa kung kanino dapat managot (*responsible consciousness*).

Pagbasa: Lucas 13:1-9

Buod: Para makarating mula sa una hanggang sa ikalawang kamalayan ay dapat may pagkaunawa sa mga kadahilanan (*intellectual conversion*). Kailangang talikdan ang lahat ng kabulaanan at kawalan ng katotohanan. Mahirap ito dahil madalas ay masakit tanggapin ang katotohanan. Para makarating mula sa ikalawa hanggang sa ikatlong kamalayan ay dapat may pagbabago ng mga pamantayan sa pagpapasya (*moral conversion*). Maraming ulit ay ang masarap sa buhay ang batayan ng ating mga pasya. Dapat mapalitan ito ng totoo at mabuti – sa madaling sabi, ang mga pamantayan ng Paghahari ng Diyos. Para naman makarating mula sa ikatlo hanggang sa ikaapat na kamalayan ay kailangan ang pagsuko sa Diyos (*religious conversion*). Ang pagtanggap sa Panginoon at ang pag-aalay ng sarili sa Kaniya ay pagharap sa katotohanang sa Kaniya lamang tayo mananagot at ang Kanyang nais ang pangunahin nating pinagkakaabalahan.

Pagsasabuhay: Para ang ating mga kabataan ay talagang magsisi at magbagong-buhay, kailangan tulungan natin silang magpakatotoo at kahit kailan ay hindi mandaya at magsinungaling. Kailangan din natin silang bigyan ng halimbawa ng pagpapasya ayon lagi sa mga pamantayan ng Paghahari ng Diyos – ng totoo at mabuti. Sana ay matulungan din natin silang pahalagahan ang Diyos nang higit sa lahat.

Pagdiriwang: Ama naming mapagmahal, isugo Mo sa amin ang Banal na Espiritu upang tulungan kaming magsisi sa aming mga kasalanan at tunay na makapagbagong-buhay. Maging matatag nawa kami sa aming pagtahak sa landas na pinili ng Iyong Anak, na si Hesukristong aming Panginoon. Amen.



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: Fr. B. Nolasco • Circulation: R. Saldua